

PROLOGUE

Beverly Hills, California...

“Hurry up, you worthless piece of shit!” kastigo niya sa garage door na pakiwari niya ay isang oras na niyang hinihintay na bumukas. He was not usually a potty-mouth, so early into the day. But he woke up on the wrong side of the bed only to find out that he had overslept.

Pinaharurot ni Lex ang kanyang pulang *Ferrari* palabas ng kanyang estate. Kinabit niya ang earpiece ng kanyang cellphone ngunit bago niya mai-dial ang numero ni Parker, tumunog na iyon.

“Hello, Xandra napatawag ka?” bati niya sa kapatid.

“Kuya, umawi ka na... p-please,” sigok nito sa kabilang linya. “T-tulungan mo ’ko. H-hindi ko na alam ang gagawin ko.”

Natapakan niya nang wala sa oras ang preno. “Damn it, Xandra! Ninenerbyos na ako sa ’yo, ano ba’ng problema?”

“Kuya... s-sina Mama at Papa—”

“Ano’ng nangyari kina Mama’t Papa?”

“Papa left. Umalis na siya. Hindi ko alam kung babalik pa siya. Kuya, ano’ng gagawin ko? Please h-help me.”

Hindi agad nakapagsalita si Lex. Ayaw niyang paniwalaan ang mga rumerehistro sa kanyang utak. *It couldn’t be!* “Ano’ng nangyari? Kailan umalis si Papa?”

“Ngayon lang. Umuwi ka na. Let’s save our parents’ marriage.”

“Huwag kang mag-alala. Bukas na bukas ay uuwi na ako.”

Matapos aluin ang kapatid, muli niyang tinawagan si Parker.

“Tell me you’re just shittin’ me, Lex! You can’t leave now.” Naibulyaw ni Parker nang sabihin niyang uuwi siya nang mas maaga.

“My family is falling apart, damn it, Parker! Pang-unawa lang naman ang hinihingi ko sa ’yo.”

Hindi agad nakasagot ang lalaki. “I’m sorry, man. Nabigla lang ako. Hindi mo naman ako masisisi kung ganito ang reaksiyon ko. Abot-kamay na natin ang *Silver Pictures*. We’ve so worked on this for years. ’Tapos ngayon, konting-konti na lang, mabubulilyaso

pa.”

“There’s no reason for this project to get derailed, Parker.”

“Wala nang biruan ito, Lex. To be honest, I’m not sure if I could fill your shoes. But you know me, gagawin ko lahat para sa responsibilidad na iniatang mo sa ‘kin. But I *can’t* guarantee *Silver Pictures*’ promotions, Lex. Not when half of the major ad agencies in *Hollywood* wanted it as much as we do. Not without you.”

“I know you well enough. Alam na alam kong hindi mo ako bibiguin. Don’t prove me wrong, Parker.”

“Shit, don’t you dare do th—!” Hindi na nito itinuloy ang sasabihin. He heard Parker’s sharp sigh. Maliwanag pa sa sikat ng araw na hinahamon niya ito.

“Ayoko ring iwan nang walang kasiguruhan ang *Silver Pictures*’ deal, Park. But right now, my family is on top of everything else.”

“Naiintindihan ko. Makakaasa kang walang ibang makakabingwit ng *Silver Pictures*. Sana maayos agad ang gusot ng pamilya mo. Good luck, man.”

He ended the call. Hindi siya papayag mauwi sa

Her Indecent Proposal - Arianne Cole

trahedya ang mahigit tatlumpong taong pagsasama ng kanyang mga magulang.

He would do everything to repair the injuries—everything. No matter what it cost!

1

“Kuya, aalis na ako. Ikaw na’ng bahala dito ha?”

“Opo, *Inay*,” pang-aasar ng kanyang Kuya Nick.

Binigyan niya ito ng nagsususpetsang tingin. “Binabalaan kita Nicanor Peñaranda, huwag kang magkakamaling pumunta sa kung saan na namang sabungan. Kung wala ka rin namang matinong lakad, pumirmi ka na lang dito sa bahay.”

“Opo.”

“Kuya naman, eh...” nagpapasensyang sita ni Jasmine. “Seryoso ako. Huwag mong kalimutan, nangako kang hindi ka na magsasabong.”

“Huwag kang mag-alala, mahal kong kapatid, hindi ko naman nakakalimutan iyon...” Lumapit ito at inakbayan siya. “Pa’no naman kasi, sa bawat umagang ginawa ng Diyos, ipinapaalala mo sa ’kin,” pabulong pang dagdag nito.

“Narinig ko ’yon. Basta, Kuya, ha... tandaan mong salita mo lang ang pinanghahawakan ko.”

“Oo na. Huwag mo na ngang masyadong isipin ang bagay na ’yan. Baka mamaya niyan, pati trabaho

mo maapektuhan kaiisip sa 'kin at sa pangako ko. Hintayin mo 'ko sandali."

"Bakit, saan ka pupunta?"

"S'an pa, di ihahatid ka. Mamaya niyan, bastusin ka na naman ng mga lasenggero sa kanto," saad nito.

"Kuya, hindi na kailangan. Malaki na ako, siguro naman kaya ko nang maglakad mag-isa hanggang kanto. Tapusin mo na lang iyang almusal mo."

Wala itong balak makinig kaya pinigil niya ito sa pagtayo. "Okay lang ako."

"Naniniguro lang ako. Ayoko lang may manakit ulit sa 'yo."

Napangiti si Jasmine. Alam na alam niya ang bagay na iyon. Kahit naman napakatigas ng ulo ng kanyang kuya, kahit napakalakas nitong mang-alaska at magsugal, batid niyang mahal na mahal siya ng kapatid. And she loved him even more for that.

Noong mga bata pa sila, ang tanging distansyang nilalakad nila ay magmula sa pintuan ng kanilang mala-palasyong tahanan hanggang sa pintuan ng kanilang magarang kotse. But that was a long time ago. Iba na ang sitwasyon nila ngayon. Wala na ang kanilang mansyon, kotse, pera at magagarang damit.

Kasamang naglaho ng mga ito ang kanilang mga magulang.

Papasakay na siya ng jeep nang marinig ang isang matinis na boses. Nilingon niya ang kaibigang si Twinkle na noon ay humahangos sa pagtakbo at nagkandakuba sa dami ng bag na dala.

“Hi, Bespren,” bati nito sa kanya. “Manong, makiusog naman ho, o. Tatabi lang ako sa kaibigan ko,” baling nito sa katabi niya.

“Maaga ka yata ngayon,” puna niya nang magkatabi na sila.

“Hay, pa’no naman kasi nag-demand ng bagong routines si *Saddam* Teklay. Ang sabi niya, ’wag naman daw naming masyadong laswaan ang pagsasayaw,” anito sabay ikot ng eyeballs na ang tinutukoy ay ang program director ng variety show na dati ay pinagtrabahuan niya rin bilang isang dancer, ang *Noontime Good Time*. “Eh, di sana si Marichu ang pinagbuntunan niya, hindi kami. Sumusunod lang naman kami sa itinuturo ng choreographer niya, ’tapos kami itong pinagagalitan. Naku, nakakainis talaga. Pasalamat ka’t wala ka na doon. Kung hindi lang dahil sa exclusive contract na pinirmahan natin, matagal na ’kong nag-walk out sa pagsasayaw at naglako na lamang ng arinola sa Divisoria.”

Hindi siya sumagot. Maraming alaala si Jasmine sa show na iyon. Lahat masasakit.

Nagtatrabaho siya bilang isang tintera sa isang maliit na karinderya na malapit sa kinaroroonan ng CTV Station Compound noon. Nang mapag-alaman niyang nangangailangan ng bagong batch ng dancers ang istasyon para sa bagong variety show nito, hindi siya nag-atubiling mag-audition. Dahil sa angking ganda at talento sa pagsasayaw, pinalad siyang makuha.

Pumirma siya ng isang five-year exclusive contract bilang dancer sa pag-aakalang natagpuan na niya ang sagot sa lahat ng problema nilang magkapatid.

Pero makaraan ang tatlong taon....

Alam niyang pinagtitinginan siya ng bawat taong makasalubong niya, pero wala siyang pakialam. Sa mahabang panahong tiniis ni Jasmine ang mga bulong-bulungan tungkol sa kanya, it was pointless to care now. Not when she already lost her job.

Wala siyang pakialam kanina kung gumigiling man ang camera o hindi, sinigawan niya ang isa sa mga hosts ng show.

“Get your slimy hands off me!” galit na galit niyang sabi nang maramdaman ang kamay ni Malcolm

Mendoza sa kanyang puwitan.

Kung noon ay nakaya niya lahat ng mga kabastusan at mga mapang-insultong biro nito sa kanya, ngayon, napatunayan niyang may hangganan ang lahat ng bagay. Wala na siyang pakialam kung masisante siya sa trabaho. Alam niyang wala nang natitirang respeto para sa kanya si Malcolm, wala siyang pakialam doon. Ang mahalaga sa kanya ay ang natitirang respeto niya para sa sarili. At hindang-hindi niya iyon ipagpapalit sa kahit na anong bagay.

Siya si Jasmine Peñaranda na tinutukoy bilang 'the beautiful whore who uses every single man she could get her claws on', mukhang pera at ambisyosa. Lahat ng maling paratang ay tiniis niya para sa trabaho.

Muling namilisbis ang luha niya. Ang tanging naging pagkakamali niya ay ang sundin ang payo ng kapatid na huwag bibitiw sa pinanghahawakan niyang prinsipyo. At dahil sa ginawa niyang paninindigan, hinusgahan siya at pinagbintangan ng mga taong nag-alok at tinanggihan niya.

Sa tuwing may lumalapit kay Jasmine at naghahayag ng intensyong gawin siyang isang tropeo, aktor man iyon o producer, ay agad niyang dinederechang trabaho lang ang pinasok niya sa istasyon at hindi niya inalalako ang sarili sa kung

sinu-sino. Karamihan sa mga ito ay naging mapilit, sukdulang pinresyuhan pati kaluluwa niya. Dahil sa hindi matinag niyang prinsipyo, inisip ng mga itong masyado siyang mataas kung magpresyo sa kanyang sarili.

They must have thought it was insulting to be rejected by a lowly dancer, kaya upang maisalba ang nasaling na mga ego, kung anu-anong kasinungalingan ang pinaghahabi ng mga ito upang masira ang kanyang pangalan.

Unti-unting kumalat sa buong istasyon na wala siyang pakundangan kung ipamigay ang sarili sa kung sinong lalaki. Na iniwan niya ang mga ito, after she had looted them wads of money.

Isa siyang rosas na walang halimuyak at pakiramdam niya, it was written like sign across her forehead. Ngunit kahit wala na siyang karapatang magtaas ng noo, buong tapang niyang sinalubong lahat ng mapang-akusang tingin ng iba. She worked twice as hard kumpara sa mga kasama niya. But those around her never even stopped and tried to see how hard she tried to show them that she wasn't even half of what they had branded her to be.

Papalabas na siya ng lobby nang mahagip ng kanyang mga mata ang isang anunsyong nagsasabing

nangangailangan ng isang secretary ang executive office ng Montareal Businesses and Co.

“Oy, dito na ang baba mo,” pukaw ni Twinkle sa kanya.

“Mauuna na ’ko. Pakisabi sa ibang girls na miss na miss ko na sila,” bilin niya sa kaibigan.

Everything will be okay now, naisip niya, walang kamuwang-muwang sa paparating na unos.

Mariing pinagmamasdan ni Doña Demetria ang nagtataasang gusali ng Makati. Her appearance betrayed nothing of her inner turmoil, ngunit kaunting-kaunti na lang ay sasabog na siya.

If you won’t get rid of that bitch, Jose, I will. Kung ayaw nitong gumawa ng paraan para magkaayos sila, siya ang gagawa.

May mga pagkakataong naiisip niya kung tama nga ba ang mga ibinibintang niya sa asawa. But ever since that *girl* became her husband’s secretary, she never had a moment of peace. She had her suspicions regarding her husband’s true intention on hiring Jasmine Peñaranda, the girl who stirred CTV’s relatively peaceful existence.

Sa tuwing naaalala niya ang mga narinig tungkol sa babaeng iyon, lumala ang mga suspetya niya. Hanggang sa hindi na niya mapigilang magtanong kay Menchi tungkol sa mga naoobserbahan nito sa pagitan ng kanyang asawa at ng bagong sekretarya. Menchi's reply did not help ease her worries. Constant fights between them inevitably followed. Nang tinanggal ng asawa ang pamangkin nito para ipalit ang Jasmine na iyon bilang executive assistant nito, lalo siyang nilamon ng selos.

“Doña Demetria, papaakyat na raw po si Ma'am Jasmine,” imporma ng pumalit kay Jasmine bilang sekretarya ni Jose.

Hindi siya kumibo.

Mayamaya pa ay biglang bumukas ang pinto ng suite. Nilingon niya ang pumasok doon.

Everytime she beheld Jasmine Peñaranda, she could almost convince herself that angels do walk on earth. Sa programang *Noontime Good Time*, ito ang mahal ng kamera.

A widow's peak accentuated her heart-shaped face. Matangos ang ilong nito, mapupula ang maninipis na labi at may mga mata itong simbilog ng platito. But apart from it all, she had a smile like

no other. It was both genuine and coy, never failed to reach her eyes. Na lalong pinatingkad ng nag-iisang biloy sa kaliwang pisngi.

How could she look so innocent...

Pero may nakikita pa siyang ibang katangian nito. Isang katangiang siyang naging dahilan ng kanyang mga agam-agam. Jasmine was a fighter. Doña Demetria could see it clearly in her eyes. Her small built, delicate features and demure movements would arouse any man's protective instinct, but the aura of confidence she projected was unmistakable.

Looks are indeed misleading...

"D-Doña Demetria, kayo po pala. Magandang umaga po," magalang na bati nito sa kanya, na halatang nagtatataka kung bakit siya naroon. Hindi niya tinugon ang pagbati nito. The girl flushed under her calculated stare.

Dinampot niya ang isang pulang folder mula sa presidential table at itinaas ito na tila sandata.

"Do you know what this is?" tanong niya rito na sinagot nito ng isang iling. "This folder contains your personal records."

Agad bumadha ang takot sa maganda nitong

mukha.

“Apart from your infamous history, your records show that you do not hold any degree whatsoever to deserve your position.”

“M-Ma’am...” Kitang-kita niyang hindi ito halos makapagsalita sa sobrang kaba. *Good. She knows what she’s into.*

“You see, Miss Peñaranda, the only reason you were hired by this company was due to my husband’s attempt to prevent the little trouble you brewed from becoming a full-blown scandal, which was prompted by your brother who had the audacity to threaten us.”

Matapos kasing madiskubre ng kapatid nito ang nangyari ay galit na galit na sumugod ang lalaki sa istasyon at nagbantang kakasuhan nito ng sexual harassment ang T.V. host at ang buong istasyon ng defamation of character. Nagkataon namang sumulpot si Jasmine sa kanilang Makati-based tower upang mag-apply ng trabaho. Upang hindi na makaladkad ang iskandalo sa publiko, nagdesisyon ang asawa niyang ibigay sa babae ang posisyong ina-apply-an kapalit ng paglimot nila sa mga isasampang kaso.

“I was reluctant to agree with my husband’s preventive measure, ngunit napahinuhod din ako

sa bandang huli. Pero n'ong tanggalin niya sa trabaho ang pamangkin niyang si Menchi, I knew he committed a fatal lapse of judgement.”

“Ma’am, i-inaamin ko naman p-pong hindi ko natapos ang kurso ko. P-pero sa halos tatlong buwan kong pagseserbisyo kay Don Jose, wala pa naman po akong ginawang kapalpakan. M-mabilis din naman po akong matuto... baka po—” Hindi na nito nagawang ipagpatuloy ang sasabihin dahil sa matalim na tinging ipinukol niya rito. Nagyuko na lamang ito ng ulo.

“Hindi ka pa nga pumalpak, Miss Peñaranda... yet. It might interest you to know though na malayo ang agwat ng responsibilidad ng isang hamak na sekretarya sa isang executive assistant. You lack knowledge, you lack basic skills, how are you going to handle that responsibility? Masyado mo naman yatang ino-overestimate ang kapasidad mo, Miss Peñaranda.

“As I was saying, wala kang karapatang humawak ng isang mataas na posisyon sa kompanyang ito o sa alinmang kompanya, for that matter. Maselan ang gawain ng isang executive assistant, and I cannot simply allow an *incompetent* to handle most of my husband’s transactions,” malamig pa sa yelong saad niya.

She watched Jasmine's face drain with color. Akmang magsasalita ito ngunit walang namutawing kataga mula rito. Emotions fled across her angelic face—panghihina, takot, pagkatalo at matinding hinanakit. Nang magtaas ito ng tingin, puno ng pagmamakaawa at pigil na luha ang mabibilog nitong mata.

“Ma’am, sinisisante n’yo na po ba ako?” anito sa mahinang tinig. Basag ang tinig na iyon at hindi niya alam kung saang parte ng kanyang puso nanggaling ang awa para rito.

“Mabilis ang pick-up mo. No wonder.” She smirked, but she couldn’t feel the sarcasm of her words. Pinanatili niyang manhid ang kanyang puso. This, might just be an excellent piece of acting.

“B-baka n-naman po puwedeng hintayin muna natin si S-Sir. Ipapaliwanag ko po sa inyong dalawa a-ang side ko... b-baka—”

That did it! “You dare question my authority, young lady?”

“Hindi po sa ganoon, Doña Demetria,” depensa nito sa sarili.

“Pack your things and you may leave this building, Miss Peñaranda, you’re fired,” malamig niyang utos.

“Ma’am, parang awa n’yo na po, pakinggan n’yo muna ang side ko. Kailangang-kailangan ko po ang trabahong ’to,” ani Jasmine na kulang na lang ay lumuhod sa harap niya.

Ito ang gusto niyang mangyari. Ang ipakita rito kung gaano kalayo ang langit sa lupa.

“You’re fired, Miss Peñaranda. Don’t make me call the guards and have you dragged out from this building.”

“M-Ma’am,” nagmamakaawang usal nito, ngunit nanatili siyang matigas.

Wala na itong nagawa. Tinungo nito ang pinto.

“May mas mabigat pa pong rason kaya ninyo ginagawa sa akin ito, hindi po ba?”

Hindi siya sumagot.

“Wala naman talagang kinalaman dito kung ano ang natapos ko... Ang totoong may kinalaman dito’y ang aking nakaraan.” Puno ng hinanakit ang mga katagang binitiwang nito. And for a moment, she doubted everything she held against this woman.

“You’re a smart and beautiful woman, Jasmine. You’d go places. As for your question, gusto ko lang ituro sa ’yo na hindi kailanman maaaring humalik ang

langit sa lupa. Langit kaming dalawa ng asawa ko. At kahit ano pa'ng gawin ng isang tulad mo, habang-buhay kang titingala sa amin.” Tumalikod na ang donya bago pa niya makita ang tuluyang pagbagsak ng luha ng dalaga.

2

Kinakabahan si Jasmine sa kanyang gagawin. Sa panggi-gatecrash sa party ng mga Montareal, tuluyan na niyang kakalimutan ang salitang 'kahihyan'.

Isang linggo matapos ang di-makatarungang pagpapataksik sa kanya ni Doña Demetria at dala ng matinding desperasyon, nagdesisyon siyang lumapit kay Don Jose. Bukod sa kanyang mga kaibigan, ito lang ang tanging taong naniwala na malinis ang kanyang pagkatao at konsyensya. Naintindihan siya nito at tinrato nang patas. Nagbabakasakali siyang pakikinging ng don ang kanyang panig. Last week, she would've fought her case, but the look of Doña Demetria chased her courage.

Pero ngayong mahigit isang linggo na siyang naghahanap ng trabaho at wala pa rin siyang nakikita, unti-unti na siyang nagiging desperado. She *badly* needed her job. Kasalukuyang walang hanap-buhay ang kuya niya, wala rin silang naipon at ubos na ang sinuweldo niya nang nagdaang buwan.

Kaya heto siya ngayon, nakatayo sa labas ng *Intercontinental Manila*, handang kalimutan ang kanyang pride at kahihyan. Wala sanang problema

kung lalapit siya kay Don Jose sa mismong opisina nito. Makailang beses na rin siyang nagpababalik-balik sa tower ngunit laging wala ang matanda.

Hindi siya nag-atubiling sumugod dito sa hotel nang malaman buhat kay Twinkle na may idaraos na welcome party ang pamilya Montareal at ang buong kasapi ng *Montareal Businesses and Co.* para sa pagdating ng panganay na anak ni Don Jose. Siguradong dadalo ito roon.

Para siyang pusang hindi maihi sa sobrang kaba.

Ano ba 'tong gagawin ko? paulit-ulit niyang tanong. Isipin mo na lang ang kalagayan ninyong magkapatid, Jasmine. Hindi nakakain ang pride at hiya. Ayaw mo nang magutom, di ba?

And that was that, so she took several deep breaths, squared her shoulders, and raised her chin. *Kaya ko 'to!*

Nang marating niya ang palapag kung saan ginaganap ang party, she did a double take. Bukas ang higanteng pintuan ng ballroom, at mula sa kanyang kinatatayuan, nahinuha niyang isang formal party ang kasiyahang iyon. Nadidismayang tiningnan niya ang sariling kasuotan. Para siyang pupunta ng Divisoria. She wore a knee-length skirt and a beige

t-shirt. Her sandals looked painfully worn-out.

Ang kaso, makakausap lang niya si Don Jose kung makakapasok siya.

Paano na 'to? Ang tanga ko! kastigo niya sa sarili.

Nilalaro niya ang cellphone nang may ideyang pumasok sa kanyang isip. Nakailang ulit siyang nag-redial bago sinagot ni Twinkle ang tawag niya.

“Jasmine naman, napaka-wrong timing mong tumawag. Nagsisimula pa lang akong lumamon saka ka naman nambubulabog,” bungad nito sa kanya.

“Hello din sa 'yo,” aniya. “Nandito ako sa labas.”

“Ano!” gulat nitong saad. “Bakit ka nandito? Huwag mong sabihing may plano kang mang-gatecrash?”

“Iyon na nga sana. Kaya lang pormal pala dito. Wala akong karapatang mang-gatecrash sa suot ko ngayon.”

“Tungkol na naman ba ito sa nawala mong trabaho? Ano ba'ng nangyayari sa 'yo't kung anu-ano na'ng pumapasok sa kukote mo?”

“Twinkle, desperado na ako, eh. Kailangan kong makausap si Don Jose. Makikisuyo sana ako sa 'yo.

Pakisabi naman sa kanya na kung puwede sana ay lumabas siya kahit saglit lang. Kailangang-kailangan ko lang siyang makausap.”

“Nababaliw ka na talaga, ano? Ano ka? Ayoko nga. Alam mo ba kung nas’an siya ngayon? Nasa presidential table!”

“Pakiusap naman, Twinkle, tumiyempo ka. Maghihintay ako, kahit gaano katagal. Gawin mo para sa ’kin ’to, friend. Sige na.”

Bumuntong-hininga ang nasa kabilang linya. “Kailan kaya ako makakatanggi sa iyo?”

Napangiti na siya. “Salamat, Twinkle.”

“Jasmine, Hija, kanina ka pa ba riyan?” bati ng matanda nang makita ang dalaga.

“Magandang gabi po, Don Jose. Pasensya na po kung naabala ko kayo,” nahihiyang sabi nito.

“Non-sense. Kanina ka pa ba naghihintay dito?”

“Hindi naman po.”

“Gusto mo bang pumasok muna sa loob? Baka hindi ka pa kumakain.” More or less ay alam na niya kung ano ang kailangan nito sa kanya.

“Hindi na ho. Hindi naman po ako magtatagal. Nais ko lang po sana kayong makausap tungkol po s-sa—” Tumigil ito; halatang nahihiyang sabihin ang pakay.

“Alam ko na kung bakit naririto ka, Hija.” Buntong-hininga niya. “And as much as I want to help you, hindi na kita matutulungan.” He truly felt helpless for her.

Nagalit siya nang malamang pinatalsik ni Demetria ang dalaga. Hindi na nito binigyan ng pagkakataong makapagpaliwanag si Jasmine sa pagnanais nitong mawala ang dalaga sa landas nila.

Umuwi siya sa kanilang tahanan upang kumprontahin ang asawa matapos ang isang linggong paglayo niya mula rito—he had endured squabbling with his wife for weeks before he finally had enough of her baseless accusations—ngunit nabigla siya nang madatnan ang isang di-inaasahang kaalyansa ng asawa.

Tulalang pinagmasdan niya ang kanyang panganay na si Alexander habang inaalo ang mama nito. Nakakalat pa sa kanilang salas ang mga bagahe nito, indikasyong kadarating din lamang ng kanyang anak.

Lex had spent half his life in America. Bata pa

lang ito ay gusto na nitong patunayan sa mundo na kaya nitong tumayo nang wala ni isang kusing mula sa kaban ng yaman ng mga Montareal.

And he was fiercely proud that his son had succeeded. Kasama ng childhood best friend nitong si Parker, naitatag ni Alexander ang isa sa pinakamalalaking advertising agencies sa Hollywood.

Si Xandra ang unang nakapuna sa presensya niya, ito lamang ang tanging nilalang sa bahay na masaya sa pagbabalik niya. He faced Demetria's coldness and endured his son's animosity.

Wala na siyang nagawa noon kundi ayusin ang gusot ng kanilang pamilya. Muli niyang ipinaliwanag ang kanyang panig, ngunit si Alexandra ang tanging nakinig sa kanya. In the end, sa kagustuhang matapos ang lahat, humingi na lamang siya ng pasensya sa pamilya. Tinanggap ni Demetria ang paghingi niya ng tawad. But his son's accusing stare told him that Lex wasn't going to let him off the hook that easy. Maayos na sana ang lahat kung hindi lang niya naalala ang ginawa ni Demetria kay Jasmine.

Doon sumabog ang kanyang anak. Hinarap niya ang magkahalong galit ng kanyang asawa't ng kanyang panganay, habang si Xandra naman ay tahimik na lumuluha sa isang tabi. He again ended up losing. Si

Lex mismo ang nagpapili sa kanya; sila na pamilya niya o ang babaeng inaakala ng mga itong kabit niya. Wala na siyang nagawa.

“Sir,” pukaw sa kanya ni Jasmine, “hindi naman po ako maghahabol kung alam ko sa sarili kong may pagkakamali po ako. Pero, Sir, hindi naman ho tamang basta na lang akong tanggalin nang walang malinaw na eksplenasyon. Kahit ’yon naman lang sana.”

“Jasmine, nitong nakaraan, nagkaroon kami ng mga pagtatalo ng aking asawa. Tungkol sa ’yo at sa—sa iyong—”

“Hindi ko po gustong magulo kayo ng pamilya ninyo, Sir. Pero hindi po makatarungan kung hinusgahan po ako ng asawa ninyo base sa mga naririnig niya tungkol sa akin, dahil wala pong totoo sa mga iyon. Sana man lamang ho binigyan niya ako ng pagkakataon para patunayang malinis po ang pagkatao ko. Sana hindi niya muna ako hinusgahan. H-hirap na hirap na po akong ipakita sa mundo na... Isang pagkakataon lang naman po ang hinihingi ko,” anitong mangiyak-ngiyak na.

Awang-awa siya habang pinagmamasdan ang dalaga. Isa ito sa mga naging biktima ng mapanghusgang mata ng industriyang iyon.

“K-kung may iba lang po akong p-puwedeng matakbuhan, h-hindi ko na kayo aabalahan. P-pero kailangan ko lang po talaga ang trabaho ko. P-parang awa n’yo na po. Ayoko ko na hong balikan ang nakaraan ko.”

“Huwag kang umiyak. Hayaan mo, hindi ko man maibalik sa iyo ang nawala mong trabaho, tutulungan kita sa paghahanap. Marami akong mga kakilalang p’wede kong lap—”

“And now ladies and gentlemen, Don Jose Montareal, CEO of Montareal Businesses and Co., will give his son...” narinig niyang anunsyo ng master of ceremony.

“Pardon me, Hija, kailangan na ako sa loob,” paalam niyang nginitian ang lumuluhang dalaga. Napapahiyang tumango ito bago pinunasan ang basang pisngi. “Huwag kang mag-alala, irerekomenda kita sa mga kaibigan ko. Gagawin ko ang lahat para makahanap ka ulit ng disenteng trabaho, pangako iyan. Ikaw na lang sana ang bahalang magpasensya sa ginawa ni Demetria, Hija.”

“Huwag n’yo na hong alalahanin, Sir. N-ngayon pa lang po ay magpapasalamat na ako sa inyo.”

Nginitian niya ito bago nagmamadaling tinungo

ang ballroom.

That woman sure has a lot of nerve to show up here! He felt white hot anger coursing through his veins as he watched his father turn away from the woman and walked briskly towards the door.

Ngumiti si Lex nang i-tap ng ama ang balikat niya bago nito ibinigay ang speech nito. Wala itong kamalay-malay na kanina pa niya pinagmamasdan ang mga nangyayari sa labas. He calmly watched as his father slid out of the ballroom unnoticed. Nakita niyang nilapitan nito ang isang babae sa dulo ng pasilyo. Hindi niya maaninag ang mukha ng kausap ng ama, but he was sure he knew who she was.

Nang muli niyang ibaling ang tingin sa pinto, he was momentarily bewildered by the sight that met his gaze. The woman was now standing by the door, gazing at the crowd.

And for some crazy reason, he started walking toward her.

Nabigla si Jasmine nang may lumapit sa kanyang isang matabang matanda. Halos naninilaw ito dahil

sa dami ng alahas na suot. Umandar agad ang defense mechanism niya.

“Nag-iisa ka yata,” anitong binigyan siya ng isang ngising-aso.

“So you see.” Kunwa ay hindi niya pinansin ang ginawa nitong paghagod ng tingin sa kanyang kabuuan. *Isa na namang lalaking bastos.*

“Well in that case, can I join you?”

“In case you haven’t noticed, I’m not here to party.” Tinalikuran niya ito, ngunit mabilis siya nitong nahawakan sa braso. “Get your hands off me,” malamig niyang utos.

“Kung ako sa ’yo, pumayag ka na,” pamimilit nito. “That is, kung ayaw mong maeskandalo.”

Naningkit ang mga mata ni Jasmine, ngunit ayaw rin niyang maiskandalo.

Lumapad ang ngisi ng matanda nang matantong umobra ang pananakot nito. Pasimple siya nitong hinila papunta sa malaking pintong patungo sa open terrace.

“What do you want?” tanong niya bago hinila ang braso mula sa pagkakakapit nito. Napaatras siya ng akmang hahawakan siyang muli ng matanda.

Ngumisi ito. “Takot ka ba sa akin?”

“Ano ba! I don’t have time to play silly games with you.” Tinaasan niya ang boses.

“Why the rush, Darling? It’s a beautiful night. Why don’t you spend it with me?”

Nagsitayuan ang mga balahibo ni Jasmine sa katawan. Kinilabutan siya sa sinabi ng matanda at sa paraan ng pagkakasabi nito. She sensed danger and she knew she had to get out of there fast.

“Look...” Pilit niyang pinatatag ang boses. Ayaw niyang tuluyan nitong isiping takot nga siya. “Kung wala ka rin lang matinong sasabihin sa akin, aalis na ako.” She tried to get past the man, ngunit hinaklit lang nito uli ang kanyang braso.

“Hindi mo ba ako kilala?”

“Wala akong pakialam kung sinong Herodes ka man. Bitiwan mo ako!” pilit niyang pagpupumiglas.

“Come on, Miss Peñaranda, ’wag ka nang magpakipot. Alam ko ang kalibre ng mga babaeng katulad mo.”

Nanlalaki ang mga matang bumaling siya sa matanda.

“Oh, yes, I know who you are. The mere mention of your name causes hubbub among CTV’s people. I’d say you’re quite popular.

“You’ve had such a reputation, that I thought to myself, I just have to meet you. By the way, ako nga pala si Alejandro Ronquillo.” Inilahad nito ang kanang palad.

Tiningnan lamang niya iyon.

“Oh, well...” Ibinaba nito sa palad. “I might as well get straight to the point. I want you, Miss Peñaranda. I might not be as young as your previous lovers, but I’m far richer. I’ve got more than enough money to satisfy you,” walang gatol nitong saad.

Her blood boiled past a hundred degrees. Umigkas ang kanyang kamay at dumapo iyon sa kaliwang pisngi ni Alejandro.

“Sa susunod, mamili ka ng babaeng babastusin.”

“You vixen!” Marahas siya nitong kinabig. “Ikaw ang dapat kumilala ng taong babanggain.”

Doon inalihan ng takot ang buong katawan ni Jasmine.

“Let go of me, you bastard!” Sisigaw na sana siya ngunit maagap nitong natakpan ang kanyang bibig.

Diyos ko tulungan N'yo po ako.

“Let go of her!” utos ng isang makapangyarihang tinig.

Napalingon ang matanda sa pinanggalingan ng boses. Kumalas ito mula sa pagkakakabig sa kanya at marahas siyang isinalya. Napadaing siya nang paupo siyang bumagsak sa semento.

“You would not want to save this woman. She doesn’t deserve it!” ani Ronquillo pagkuwan ay nagmamadaling umalis.

Hinimas-himas ni Jasmine ang kanyang pang-upo at sinubukang tumayo. Napangiwi siya. Napasama yata ang pagkabagsak niya.

“So I guess he wasn’t rich enough huh?” Nagulat siya nang muling magsalita ang tinig. Kunot-noong nagtaas siya ng paningin.

Her heart promptly stopped beating. Beneath the pale moonlight, the man’s look was predatory. Kahit nakasimangot ito, hindi maipagkakailang guwapo ang lalaki. He stood a foot taller than her. His hair was thick and slightly wavy. Makakapal din ang kilay nito at mahahaba ang pilik. Ang mga mata nito ay sing-dilim ng gabi, and for a brief insane moment, Jasmine felt lost in his steady gaze. She was distracted

when his lips moved ever so slightly. Mamula-mula iyon at bahagyang nakaawang. Then his lips firmly clamped drawing her attention to his square jaw. She could not believe she was actually gaping at the man, who in her observation was every inch a Greek god.

“Are you through?” untag nito sa naglalayag niyang katinuan.

Napapahiyang binawi niya ang tingin. Pakiramdam niya ay umakyat lahat ng dugo niya sa kanyang pisngi. Ngayon lang, sa tanang buhay niya, na napanganga siya sa isang lalaki.

“A-ano iyong sinabi mo sa ’kin kanina?” naalala niyang itanong upang pagtakpan ang kahihyan.

“I asked if that dirty old man wasn’t rich enough for you.”

Ang pagkapahiya niya ay dagling nahalinhinan ng galit. She squarely met his gaze. “I don’t see the point of answering your question, Mister. Apparently, you already made your assumption, I don’t think my answer would matter.”

“I didn’t expect you to be such a smart-ass. *Interesting.*”

“And I didn’t know men have a tendency to be

nosy.”

He laughed sardonically. “Am I? Didn’t it ever occur to you that you might pique someone’s curiosity when you willingly followed that man here?”

“Hindi ako sumunod sa kanya! Siguro naman nakita mo kung paano niya ako hinatak dito?” pagtatanggol niya sa sarili. Tiningnan niya ito sa mata; alam niyang aksaya na lamang ng oras ang kahit anong pagsubok niya na ipagtanggol ang sarili. Itinaas niya ang noo. “Frankly, I don’t see why you should make it your business. This is a democratic country, at wala kang pakialam kung anuman ang gusto kong gawin. Now, if you’ll excuse me.”

“I’m making it my business!” Naging mabagsik ang anyo nito. “Ang kapal ng mukha mong sumunod sa matandang iyon dito, samantalang bago pa lang kayo nagkausap ng ama ko! Hindi pa ba sapat ang perang nahuhuthot mo sa kanya?”

“Ano ba’ng pinagsasabi mo?” maang na tanong niya.

Hinablot ng lalaki ang kanyang kawawang braso. “Don’t you try acting innocent with me, you little two-faced bitch! You know exactly what I’m talking about.”

Napanganga si Jasmine sa mga narinig. Wala siyang maapuhap na sagot sa mga binitiwang pang-iinsulto ng lalaki.

“Isang beses ko lang sasabihin sa iyo ito: leave my father alone or else...” His voice was icy and it sent a chill down her spine.

“Look, wala akong alam sa mga pinagsasabi mo. Ni hindi kita kilala. You must have mistaken me for someone else.”

“Are you not Jasmine Peñaranda, ang babaeng kinababaliwan ng ama ko? I didn’t know someone could stoop as low as you do, for money. Wala ka man lang bang konsyensya? Nakikiapid ka sa isang matandang may pamilya para lang sa pera. You leech!”

“Teka sandali, sumusobra ka na yata. Hindi dahil sa alam mo ang pangalan ko’y may karapatan ka nang insultuhin ako. You have obviously heard misguided information about me, at hindi sapat iyon para paratangan mo ako nang kung anu-ano. I’ve had enough of highly prejudiced prigs like you!” Pinilit niyang magpakahinahon. How could she take so much insult in one night?

“Hindi kita kilala—ni hindi ko kilala ang ama

mong ‘*kinakaapid*’ ko. Pare-pareho kayong lahat! Akala n’yo kung sino kayong malilinis kung magsalita. You don’t know me! All of you don’t know me!” halos ipagsigawan niya.

“Since you are hell-bent on acting innocent, let me spell it out for you. The man I’m talking about is Don Jose Montareal, *my father*. Ang taas rin naman ng ambisyon mong siluin ang ama ko. Although, admittedly you have what it takes to be a rich man’s mistress,” he said sweeping his gaze at her with mockery. “But that’s all you’re ever going to be: a *mistress*! Dahil walang matinong lalaki ang papatol sa isang mababang uri ng babaeng kagaya mo.”

Umigkas ang kamay ni Jasmine, ngunit maagap nitong nasalag ang sampal niya. “Don’t you ever dare assume you could hit me the way you did with that old man. Hindi ako isa sa mga lalaking madali mong naloko, at *hindi* ako ang tipo na pasasampal sa isang kagaya mo.”

Napangiwi si Jasmine sa higpit nang pagkakahawak nito sa kanyang kamay. His fingers dug cruelly into her soft flesh.

“Hindi ako kabit ni Don Jose!” she spat back. Pati ba naman ang inosenteng pakikitungo sa kanya ng matanda ay nabigyan pa ng malisya? Gusto na niyang

maiyak dahil sa mga maling paratang nito. Ngayon, malinaw na sa kanya kung bakit siya nasisante. “Mabuting tao ang iyong ama. Higit kanino man, ikaw ang dapat na nakakaalam niyan. Paano mo siya nagagawang pagdudahan?”

Hindi agad nakasagot ang kaharap. “May tiwala ako sa ama ko. Sa mga babaeng katulad mo ako walang tiwala.” Binitiwang nito ang kamay niya. “I’m warning you, Miss Peñaranda, layuan mo ang aking ama. God knows what will happen to you if you don’t.” Iyon lang at iniwan siya nitong nagpupuyos sa galit.

3

“Saan ka ba nanggaling? Gabing-gabi na, ah. Hindi mo man lang ba naisip na may nag-aalala sa 'yo rito?” agad na sita ng kanyang Kuya Nick pagkatapos siya nitong pagbuksan ng pinto.

“May inasikaso lang ako, Kuya,” aniyang ikinubli ang namamagang mga mata. “Aakyat na ako.”

“Teka sandali,” pigil nito sa paghakbang niya. “Umiyak ka ba? Bakit namumugto iyang mga mata mo?”

“Wala ito, Kuya. Napuwing lang ako,” pagsisinungaling niya.

“P'wede ba, Jasmine, 'wag mo nga akong utuin na parang bata. Ano ba'ng nangyari? Kilala kita, hindi ka iyakin.”

“Kuya... kasi...” Kahit masamang-masama ang loob, hindi niya maaaring sabihin dito ang totoong nangyari. Sa loob ng mga panahong nagtrabaho siya sa T.V. station ng mga Montareal, pinilit niyang itinago sa kapatid ang totoong kalagayan niya. Ngunit nang mangyari ang ginawa niyang pananampal kay Malcolm Mendoza, hindi na niya nagawang ilihim

ang lahat sa kapatid. Nang malaman nito ang naging kalagayan niya CTV, naghalo ang balat sa tinalupan.

Mabait ang kapatid, pero ibang klase itong magalit at masyado ring protective sa kanya. Kapag sinabi niya rito ang nangyari sa kanya, tiyak mag-aamok ito.

“Iniisip ko lang ang magiging kalagayan natin. Hanggang ngayon, wala pa rin akong nakikitang trabaho,” katwiran niya.

Agad lumambot ang kuya niya. “Huwag kang mag-alala, makakahanap din tayo ng trabaho. Pagpasensyahan mo na lang muna ang kalagayan natin, Jas, ha. Ako ang dapat kumakargo ng responsibilidad sa bahay na ito, pero ako pa itong pabigat sa iyo.”

Muling umagos ang luha ni Jasmine, ngunit bago siya makasagot may sumigaw na mula sa labas ng bahay nila. Sinundan iyon ng ilang kalabog sa kanilang pinto bago iyon biglang bumukas.

Napakapit siya sa kanyang kuya nang pumasok ang apat na malalaking lalaki.

“Tingnan n’yo mga pare, natagpuan din natin si Nicanor.” Nakangising turo ng pinakamalaking lalaki sa grupo.

“Hoy, Nick! Pinagtataguan mo ba kami?” Dinuro nito ang kanyang kapatid. “Noong isang linggo pa natapos ang palugit na ibinigay sa ’yo ni Gamay, ah. Naiinip na raw siya, at sa lahat pa naman ng ayaw niya’y iyong pinagtataguan siya.”

Napakunot-noo si Jasmine. Iisang tao lang ang alam niyang may pangalang ganoon at ang taong iyon ang nagmamay-ari ng sabungang tambayan ng kuya niya.

“Hindi ako nagtatago. Kailangan ko lang ng konting panahon para makumpleto ang ibabayad ko,” kalmadong sagot ni Nick.

“Kung ganoon, may pera ka na pala? Bakit hindi mo na lang iderecho kay Boss Gamay iyan?”

“Pero ang usapan namin, babayaran ko nang buo ang utang ko. Pakisabi sa kanyang bigyan pa ako ng kaunting palugit.”

Her brother looked at her—a look that was full of warning.

Napasigaw si Jasmine nang biglang undayan ng lalaki ang kuya niya. Napauklo ito sa sakit.

“Kuya!” magkahalong takot at pag-aalala niyang sigaw.

“Sino’ng pinagluloloko mo? Akala mo ba mauuto mo si Bossing? Matalino iyon. Nang hindi ka sumipot n’ong isang linggo, alam na niyang wala kang ipambabayad. At ayaw na ayaw ni Bossing na niloloko siya. Kaya narito kami ngayon para maningil ng... *interes*.” Hinawakan ng dalawang lalaki ang kapatid niya sa magkabilang braso bago paulit-ulit na sinuntok ng lalaking pinakamalaki sa grupo.

Hindi na siya nag-isip at sinugod ang lalaking kumakastigo kay Nick. “Mga walang-hiya kayo! Bitiwan n’yo ang kuya ko!”

Walang anumang nahagip nito ang dalawa niyang kamay at buong lakas siyang inalsa at itinapon sa sahig. Napangiwi si Jasmine nang tumama ang kanyang ulo sa paanan ng isang silya.

“Namputsa! Huwag n’yong idadamay ang kapatid ko! Wala siyang kinalaman dito,” agaw-pansin ng kanyang kuya.

“Ano kaya kung ang kapatid mo na lang ang ipambayad mo kay Bossing. Sigurado akong matutuwa iyon.”

“Sinabi nang huwag n’yo siyang isasali rito!” galit ngunit walang magawang sigaw ni Nick. “Bukas na bukas din babayaran ko kayo. Babayaran ko pati ang

interes, umalis lang kayo sa pamamahay ko!”

Humalakhak ang lalaki. “Yan... Nadadaan ka naman pala sa mabuting usapan. Aalis na kami.” Muli nitong nilapitan ang kuya niya. “Pero siguraduhin mong bukas dala mo na’ng pera, dahil kung hindi...” nilingon nito si Jasmine, “...alam mo na ang mangyayari.” Isang beses pa nitong sinuntok ang kapatid niya, bago umalis ang grupo nito.

Kumaripas niyang nilapitan si Nicanor. “Kuya!”

Inalalayan niya itong maupo sa silya. Kumuha siya ng malamig na bote ng tubig sa ref at marahan iyong idinikit sa kaliwa nitong pisngi na nagsisimula nang mangasul.

“Kuya?” mayamaya ay basag niya sa katahimikan. Malungkot na nag-iwas ito ng tingin.

Buo ang desisyong binagtas ni Jasmine ang pasilyo patungong rehearsal room. Gagawin niya ang lahat para sa kaligtasan ng kanyang kapatid... kahit pa ang kapalit niyon ay ang dangal niya.

Hindi siya nakatulog nang nakaraang gabi sa kaiisip ng solusyon para sa kinasadlakang problema ng kanyang kuya.

Isang kabaliwan ang naisip niya. Sinubukan niyang mag-isip ng ibang paraan ngunit lagi siyang humahantong sa una't tanging solusyong naisip niya.

Nagsisilabasan na ang mga dancers mula sa rehearsal room ng CTV. Mayroong bumati sa kanya at mayroon ding nagtaas ng kilay.

“Sigurado ka bang naririto a-ang anak ni Don Jose ngayon?” agad na salubong niya kay Twinkle nang makalabas ito sa silid.

“Oo nga. Ang kulit mo naman. Ilang beses ko nang inulit-ulit sa 'yo kanina sa text na magdaraos ng welcome party ang management para kay Sir Lex. Siya na kasi ang mamumuno sa istasyon. Gets mo?” nagpapasensyang paliwanag sa kanya ng kaibigan. “Ano ba talaga ang kailangan mo sa kanya? Kagabi si Don Jose ang gusto mong makausap, ngayon naman ang anak niya. Jasmine ha, naninibago na ako sa 'yo. Hindi ka naman dating malihim, ah? Ano ba talaga ang nangyayari sa 'yo?”

“Huwag mo na lang munang itanong, Twinkle, pakiusap.”

“Fine!” Humalukipkip ito sabay irap sa kanya.

“Kanina pa ba dumating si... a-ang anak ni Don Jose?” tanong niya. Sa tuwing naalala niya ang lalaki,

may kung anong bumubundol sa kanyang dibdib.

“Oo. Palagay ko, patapos na ang paglilibot niya. Pagkatapos no’n dederecho na si Sir Lex sa conference hall, doon gaganapin ang luncheon party para sa kanya. Kaya lang, hindi na kami imbitado. Sayang.” Bumuntong-hininga ito. “Haaay, friend, kung nakita mo lang ang anak ni Don Jose, Diyos ko, tutulo ang laway mo,” dagdag pa nitong namimilipit sa kilig.

Wala itong kamalay-malay na nakabangga na niya ang antipatikong lalaki. Sa kabilang banda, naiintindihan niya ang reaksiyon ni Twinkle. Kahit tumaas ang presyon niya kagabi, dinig na dinig pa rin niya ang pagtambol ng kanyang puso.

“Well looky, looky, *looky*. Look who decided to grace us with her presence? If it isn’t Miss High and Mighty,” a voice said.

She turned to see Malcolm Mendoza smirking at her. Hindi niya ito pinansin. “Halika ka na, Twinkle.”

Hinarang sila ng T.V. host. “Leaving so soon? Aww... Hindi mo man lang ba ako kakamustahin? For old time’s sake?”

“Umalis ka riyan, Malcolm, bago pa kita masampal muli.”

Lumapit ito sa kanya. “Still that same spitfire, I see. Akala mo ba nakalimutan ko na ang ginawa mo sa akin, ha? Mauna ka na, Twinkle. Hahabol na lang sa ’yo ang magaling mong kaibigan.”

“Pero, S-Sir...”

“Ang sabi ko, mauna ka na!”

Tumingin sa kanya si Twinkle. Sila na lamang ang naroon sa pamilyo. She gave her a reassuring smile. Nag-aalalang tumango na lamang ang kaibigan bago siya iniwan.

“Hindi mo na ako masisindak, Malcolm.”

“Talaga?” Humakbang ito palapit sa kanya, ngunit hindi siya natinag sa kinatatayuan. “Hmm... Mas tumapang ka na nga ngayon. Mas mabuti. Gustung-gusto kong na-cha-challenge ako.”

Patuloy ito sa paglapit hanggang sa hibla na lang ang layo ng ilong niya sa ilong nito. Bigla siya nitong hinawakan at isinandal sa dingding.

“Bilib na ako sa tapang mo.” Patuya siya nitong nginitian.

Nasa ganoon silang ayos nang may dumating na grupo. Napalingon si Jasmine sa mga bagong dating at napapahiyang umalis sa pagkakasandal

sa dingding. Nag-init ang mga pisngi niya nang matantong grupo iyon ng matataas na opisyal ng istasyon at ang pinuno ng mga ito ay walang iba kundi si Alexander Montareal.

Hindi niya malaman kung ano ang gagawin. She longed for the floor to open up and swallow her, but it did not happen. Narinig niyang tumikhim ang isa sa mga senior officer.

“Good morning, Mr. Montareal. Kumusta naman ang paglilibot ninyo?” patay-malisyang basag ni Malcolm sa katahimikan.

“Except for a few misconduct, all is well,” sagot nito. Nagtaas siya ng tingin. Nanginig ang mga tuhod niya nang masalubong ang nagbabagang mata ni Lex. Binalingan nito ang mga kasamahan. “You go on ahead, I’ll catch up. Sumama ka na sa kanila, Malcolm.”

The group was more than willing to leave, except for Malcolm. Hindi niya magawang magtaas ng tingin. Alam niya kung ano ang naglalaro sa utak ni Lex. And she wished with all her heart, that she could correct it. Na sabihin ditong mali ang inaakala nito.

Pero para ano pa? Sa gagawin niya, she would bury all the hope there was to clear her name.

At kasamang mababaon niyon ang masidhing kagustuhan niyang linisin ang pangalan sa mga mata ng taong kaharap niya ngayon.

“Wala na ba talagang hangganan ang pagka-imoral mo?” galit na tanong ni Lex sa kanya.

Kahit halos hindi na siya makahinga sa sobrang kaba, pinilit niyang patatagin ang boses. “As a matter of fact, there is.”

Nagsalubong ang mga kilay nito.

“Gusto mong layuan ko ang iyong ama, hindi ba?” matapang niyang simula. Mapatawad sana siya ni Don Jose. Mapatawad sana niya ang kanyang sarili.

Lalong nagdikit ang mga kilay ng binata.

“Lalayuan ko siya...” Lumunok siya. “... f-for a price,” sambulat niya. Napapikit si Jasmine. *There goes my precious dignity.*

Masakit para sa kanya ang ginawang pagtalikod sa prinsipyo. Ngunit hindi niya alam kung bakit parang mas masakit na kay Lex Montareal niya ito isinuko.

Lumagpas ang tingin ng binata sa kanya. “Sinasabi ko na nga ba.” For a moment, she thought she detected a hint of disappointment in his voice but

it was gone when he spoke again. It now dripped with disdain, his eyes blazed with contempt. “Magaling kang artista. I was almost convinced by your fury last night.”

Nagpoprotesta ang kalooban ni Jasmine. Gusto niyang bawiin ang mga sinabi, ngunit nanaig sa kanya ang takot para sa kapatid. “I didn’t venture into *the showbiz world* for nothing, Mr. Montareal.”

“Magkano?” He looked at her with eyes devoid of respect.

“T-two h-hundred fifty thousand,” she managed to croak.

“So... iyon lang pala ang halaga mo?”

She madly blinked back tears. Tama ito. Maliit lang ang halagang iyon para sa kanyang buong pagkatao. Ngunit sapat na iyon para makabayad sa utang nila at makapagsimulang muli.

“Think what you will, Mr. Montareal. Kapalit ng halagang ’yan ang paglayo ko sa ama mo. Kapag nasa akin na ang pera, you can rest assured na mawawala na ako sa mundo ninyo.”

“Kailan mo kukunin ang pera?”

“Kung maaari sana, ngayon din.”

“Very well. Hintayin mo ako sa parking lot.”

Daig ko pa ang bida sa isang telenovela.

Mapait siyang napangiti. Mahigit isang oras na siyang naghihintay sa parking lot, pilit pinipigilan ang luha. Pero hindi niya mapigilang maawa sa sarili. Wala na ngang natira sa kanya, dadalhin pa niya sa konsyensya ang ginawang panggagamit kay Don Jose. Pinahid niya ang bumagsak na luha sa kanyang pisngi.

Bakit sa harapan niya ko pa kinain ang paninindigan ko?

Nagmamadaling nagpunas siya ng pisngi nang makarinig ng mga yabag. Hindi man niya nakikita kung sino ang papalapit, alam niyang si Lex iyon. Her heart told her so.

Inayos muna niya ang sarili bago hinarap ang lalaki. Inabot nito ang hawak na kapisang papel sa kanya. Tseke iyon. Two hundred-fifty thousand pesos worth. Nanginginig na kinuha ni Jasmine ang papel.

“M-maraming salamat. Makakaasa kang tutupad ako sa usapan natin.” Hindi ito sumagot.

“S-sige... aalis na ako.” Tinalikuran na niya ito.

“Not so fast, lady,” agap nito sa kanya.

“Malinaw ang usapan natin, Mr. Montareal. Pagkatapos kong makuha a-ang pera, mawawala na ako sa landas n’yo,” nagugulumihang tanong niya.

“What you laid down were *your* propositions, hindi ako sumasalungat sa mga iyon. But I’m not conceding with them either. If you think I’d let you off the hook that easy, then think again. Hindi lang paglayo mo ang kapalit ng perang iyan... You have to *render* your, let’s say... services to me,” seryosong sabi nito.

Awtomatikong kumulo ang dugo niya. Ibinuka niya ang bibig ngunit walang lumabas na kataga mula roon.

“Take it or leave it, Miss Peñaranda.”

“Hindi puwede iyon! Ang usapan natin, babayaran mo ang paglayo ko kay... s-sa ama mo!” protesta niya.

“Like I’ve said, I agree with your proposition, but I haven’t conceded yet. You assumed I did. I can’t be held responsible for your assumptions,” nakakalokong sabi nito. “So what will it be?”

Nalilito na siya sa samu’t saring emosyong nagkabuhol-buhol sa dibdib niya. Akala niya ay wala

nang problema, pero heto at mukhang tuluyan na siyang mapapariwara. Hanggang saan nga ba ang kaya niyang isakripisyo para sa kanyang nag-iisang kapamilya?

“S-sige, p-payag na ako,” pikit-matang sang-ayon ni Jasmine, alang-alang sa kanyang kuya.

“It’s settled then,” walang pasabing kinaladkad siya nito.

“Ano ba! Bitiwan mo nga ako!” aniyang tumigil sa paglalakad at buong puwersang binawi ang sariling kamay.

“You already have the check. Now it’s your turn to do your part of the bargain.”

“Pero hindi ko pa nakukuha ang pera...”

“Wise ka rin, ano? Huwag kang mag-alala, hindi tatalbog ang tsekeng iyan.” Tinitigan siya ni Lex. “But there’s no way in hell I’m going to let you off my sight! Not while you’re under *my* terms.”

“Mr. Montareal, binayaran mo ’ko para layuan ang ama mo, hindi para maging tau-tauhan mo.”

“You don’t have any right whatsoever to disobey me, Miss Peñaranda, dahil kung hindi mo napapansin, hawak kita sa leeg ngayon. Puwede kong bawiin sa

'yo ang tsekeng iyan, if I want to."

Dala ng matinding emosyon, she raised her hand to slap him, ngunit nasalo lamang nito ang kamay niya.

"That's getting to be a bad habit, Sweetie. Dapat siguro parusahan kita para magtanda ka." At walang sabi-sabing hinapit siya nito at ginawaran ng isang mapusok na halik. Tumigil sa pag-inog ang mundo ni Jasmine. Her mind went numb and her heart raced like an unbroken horse. The kiss was punishing, brutal and hard. Yet, she could not help but close her eyes and marvel at her first kiss. Hindi niya alam kung paano tutugunin ang halik ni Lex, kaya hinayaan na lamang niyang diktahan siya nito. When his tongue sought to invade the fullness of her mouth, she willingly obliged.

The kiss transpired from brutal and hard to sweet and passionate. Her knees buckled beneath her but Lex was quick to pull her closer to him. They were both gasping for air when he released her.

"The kiss was supposed to be punishing, Sweetie," bulong nito sa kanya. Her cheeks colored, she broke from their embrace, unable to meet his unreadable eyes.

“If you really want to encash the check, you may. But I’m going with you. Like I’ve said, there’s no way in hell I’m going to let you out of my sight... not after what happened.”

“Ano pa ba ang gusto mo? Mawawala na ako pagkatapos nito. Why can’t you just let it be?”

Nagkibit-balikat lamang ito. Talo na siya. Kailangan niya ang pera at halos hawak na niya ito. She could not lose it now.

Tinupad ni Lex ang sinabi. Natagpuan na lamang niya ang sariling lulan ng isang itim na *BMW*. Habang nasa daan, wala silang kibuang dalawa. Prenteng-prente ito sa pagmamaneho habang siya ay hindi alam kung ano ang dapat na maramdaman.

Naghintay ito sa labas ng bangko habang ipina-encash niya ang tseke. Hindi ito nagsalita nang muli siyang pumasok ng kotse.

“Where to?” mayamaya pa ay tanong nito.

“Sa compound,” matipid niyang sagot.

Agad niyang hinanap si Twinkle pagdating nila sa station compound. Natagpuan niya ito sa dressing room na nagliligpit ng gamit. “Papauwi ka na ba, Twinkle?”

“Diyos ko naman, papatayin mo ba ’ko sa nerbyos? Oo, uuwi na ’ko’t magpapahinga. Kanselado ang three to eight p.m. rehearsals namin. Teka, saan ka ba nanggaling, bigla ka na lang nawala?”

“Twinkle, favor naman o? Pakibigay naman ito kay Kuya. Idaan mo na lang sa bahay,” pakiusap niya.

Ayaw niyang siya mismo ang magbigay niyon sa kanyang kapatid. Tiyak na tatanungin siya nito kung saang lupalop niya nakuha iyon. The last thing she needed right now would be her brother’s wrath. Isa pa, naghihintay sa kanya ang antipatikong si Lex sa parking lot.

“Bilisan mo,” mando nito sa kanya kanina. *“And don’t try getting any ideas, Jasmine. Trust me, kahit saang sulok ng mundo ka magtago, I will find you,”* babala pa nito sa kanya.

“Huwag kang mag-alala, may palabra de honor ako!”

“Ba’t di na lang ikaw ang magbigay niyan. Magkasambahay naman kayo,” untag ni Twinkle.

Imbis na sumagot, hinalukay niya ang kanyang bag. “Maglalakip ako ng sulat para kay Kuya. May i... importanteng lakad pa kasi ako ngayon at b-baka... baka kasi hindi ako m-makauwi ngayong gabi.”

Hindi niya makuhang ituloy ang sasabihin sapagkat kinikilabutan siya sa mga imaheng naglalaro sa kanyang isip. “H-hindi na ako makakapagpaalam sa kanya ’pag nagkataon. Pakibigay mo na lang sa kanya, ha, Twinkle? Kelangan kasi niya ito sa lalong madaling panahon.”

“Ano ba kasi ’yan? At s’an ka ba pupunta?”

Hindi siya umimik. Ibinuhos niya ang buong atensyon sa sulat para sa kapatid. Nagtatanong ang mga mata ng kanyang kaibigan nang iabot niya rito ang liham.

“Twinkle please, huwag ka munang magtanong,” pakiusap niya. “Kapag natapos na ang lahat ng ’to at kapag may sapat na lakas ng loob na ako, sasabihin ko sa ’yo. Ngayon, higit kailanman, ko kailangan ang pang-unawa mo,” malungkot niyang saad.

Tinitigan siya nito pagkuwan ay sumaludo. “Huwag kang mag-alala, harangan man ako ng sibat, makakarating ito sa kuya mo.”

Nag-iinit ang sulok ng mga matang niyakap niya si Twinkle. “Salamat. Pakisabi kay Kuya ’wag ’ka mo siyang mag-alala sa akin.”

Nagtatanong man ang mga mata ay nanatiling tikom ang mga bibig nito. “Areglado!”